

Pagpapanatili ng [mga] Wika ng Inyong Pamilya

Ang pagpapanatili ng wika ng inyong pamilya ang bumubuo sa pundasyon para sa pagbubuo ng lahat ng iba pang wika. Puwedeng madaling matuto ng iba't ibang wika ang inyong anak kapag nagkaroon sila ng oportunidad na makita, marinig, at makipag-usap gamit ang matatatag na modelo ng wika.

Ginagabayan ng *Balangkas sa Maagang Pagkatuto at Pag-unlad sa Victoria (Victorian Early Years Learning and Development Framework, VEYLDF)* ang mga serbisyo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Maliliit na Bata sa Victoria. Kinikilala ng Balangkas ang multilinggualismo bilang isang mahalagang kasanayan at nagtataguyod ng inaasahan na susuportahan ang mga bata para mapanatili ang [mga] wika ng kanilang pamilya, matuto ng English bilang isang karagdagang wika, at matuto ng mga wikang maliban sa English habang pumapasok sa mga programa ng Edukasyon at Pangangalaga para sa Maliliit na Bata (VEYLDF, 2016).

Maraming benepisyo para sa inyong anak ang pagpapanatili at pagpapatuloy ng pagpapayaman ng [mga] wika ng kanilang pamilya:

- Puwedeng palawakin ng inyong anak ang kanilang kognitibong pleksibilidad at pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng inyong pamilya.
- Mahalaga ang pagpapanatili ng [mga] wika ng inyong pamilya para sa mga ugnayan sa pamilya, pagbuo ng mga ugnayan, at pagkakaroon ng pakiramdam na nabibilang.
- Nakaugat na ang [mga] wika ng pamilya sa pagkakakilanlan, kultura, at kalagayan ng inyong anak.
- Sinusuportahan ng pagiging bihasa sa [mga] wika ng pamilya ang inyong anak para matuto ng mga karagdagang wika tulad ng English.

Ipinapaliwanag ng VEYLDF (2016) sa mga tagapagturo na ang 'pagkatuto at pagpapanatili ng mga unang wika o wika sa tahanan ay may malaki at patuloy na ambag sa pagbuo ng pagkakakilanlan' (pg. 18). Kung gayon, isang mahalagang bahagi ng pagsuporta sa pagkatuto ng English bilang isang karagdagang wika ang pagtutulungan ng mga tagapagturo at pamilya para hikayatin at suportahan ang mga bata na mapanatili at maipagpatuloy ang pag-unlad ng [mga] wika ng kanilang pamilya.

Pagkatuto ng English bilang isang Karagdagang Wika sa mga Kapaligiran para sa Edukasyon at Pangangalaga para sa Maliliit na Bata

Magkakaroon ang inyong anak ng maraming oportunidad para matuto ng wikang English sa mga kapaligiran para sa Edukasyon at Pangangalaga para sa Maliliit na Bata sa Victoria. Sinabi sa atin ng pananaliksik na 'puwedeng matagumpay

na matuto ng wikang English (o isa pang wika) ang mga bata bilang karagdagang wika sa pamamagitan ng pagkalantad sa wikang iyon, tahasang pagmomodelo at pagtuturo ng wika, at paglalaan ng oras para matuto ng bagong wika' (VEYLDF, 2016, pg. 22).

Ang pagkatuto ng isang wika ay makakatulong sa mga bata na maunawaan ang proseo ng iba pang wika. Puwedeng mailipat sa bagong wika ang mga kasanayan na nabuo ng mga bata sa isang wika. Sa pamamagitan ng wika ng pamilya, nauunawaan ng mga bata ang bagong wika, mga panuntunan at bokabularyo nito. Kapag naging bihasa na ang inyong anak sa kapaligiran ng wikang English, magkakaroon sila ng oportunidad na makinig ng wikang English sa napakaraming magkakaibang konteksto. Gugustuhin nilang lumahok at makipaglaro sa iba pang bata at magbibigay ang mga tagapagturo ng magagandang modelo at maraming oportunidad para makinig at magsanay ng wikang English ang inyong anak.

Nabubuo ang mga kasanayan sa wika sa isang panahon na angkop sa mga paunang karanasan sa wika ng isang bata, pagkalantad sa bagong wika at mga bagong kapaligiran kung saan sila natututo. Ang mga batang natututo ng maraming wika nang sabay-sabay ay, sa loob ng ilang panahon, nakakapagsalita ng higit sa isang wika kaysa sa iba. Sa una, baka mapaghalo-halo ng mga bata ang mga wika kapag nagsasalita sila. Puwedeng alam nila ang salita sa isang wika at hindi sa iba pang wika. Para mapanatili ang pagiging matatas sa kanilang pakikipag-usap, gumagamit sila ng mgasalitang alam nila. Isa itong natural at pleksibleng kasanayan na nabubuo ng mga bata habang ginagamit nila ang kanilang mga wika sa iba't ibang kontekstong pangwika.

Tandaan...

Medyo matagal ang pagbuo ng pagiging matatas sa pakikipag-usap sa isang bagong wika at kailangan ng mga bata ng oras at walang pamumuwersang suporta mula sa mga may sapat na gulang sa kanilang paligid habang sumasailalim sila sa proseso ng pagkatuto ng isang karagdagang wika.

karapatan ng lahat ng bata na gamitin at matutuhan ang [mga] wika ng kanilang pamilya (UNCRC, 1989).

References

Department of Education and Training, 2016. *Victorian Early Years Learning and Development Framework*.

UNICEF, 1989. *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)*.